# *Mga Kinakailangan sa Pagtawag ng Diyos Yugto 23*
# *Pakikipagkaibigan sa Diyos-Yugto 2*

***"13 Walang may lalong dakilang pagibig kay sa rito, na ibigay ng isang tao ang kaniyang buhay dahil sa kaniyang mga kaibigan.14 Kayo'y aking mga kaibigan, kung gawin ninyo ang mga bagay na aking iniuutos sa inyo.15 Hindi ko na kayo tatawaging mga alipin; sapagka't hindi nalalaman ng alipin kung ano ang ginagawa ng kaniyang panginoon: nguni't tinatawag ko kayong mga kaibigan; sapagka't ang lahat ng mga bagay na narinig ko sa aking Ama ay mga ipinakilala ko sa inyo." (Juan 15:13-15)***

Si Santiago, ang manunulat ng aklat ng Santiago at ang kapatid ni Jesus, binigyang diin ang tungkol sa pakikipagkaibigan sa Dios sa paghatol sa pakikipagkaibigan sa sanglibutan: ***"4 Kayong mga mangangalunya, hindi baga ninyo nalalaman na ang pakikipagkaibigan sa sanglibutan ay pakikipagaway sa Dios? Sinoman ngang mangibig na maging kaibigan ng sanglibutan ay nagiging kaaway ng Dios. 5 O iniisip baga ninyo na ang kasulatan ay nagsasalita ng walang kabuluhan? Ang Espiritu baga na pinatira sa atin ay nagnanais hanggang sa kapanaghilian?" (Santiago 4:4-5)*** Kapag ikaw ay nakipagkaibigan sa mga tao at nakipagkompromiso sa kanila at hinayaan ang kanilang mga kasalanan sapagka't iniisip mo isang araw na kailangan mo sila, ang paraan ng pag iisip at pag uugali ay makakapagpagalit ng husto ng Dios sa iyo. Kung gagawin mo iyon inaalis mo ang mga pribilehiyo na maging kaibigan ng Dios.

Bakit hindi dapat tayo magkaroon ng pakikipagkaibigan sa sanglibutan? Ang mga kaibigan sa sanglibutan ay pinagmumulan ng mga kaguluhan sa iyong buhay. Mga pangyayari at mga sitwasyon mula sa Banal na Kasulatan ay malinaw na ipinapakita kung bakit hindi ka dapat magkaroon ng mga kaibigan mula sa sanglibutan, mula sa mga hindi sumusunod kay Cristo. Dito tayo ay magpapatuloy upang ilarawan mula sa Banal na Kasulatan ang mga pangyayari ng maling pakikipagkaibigan.

***G. Ang mga kaibigan ay nagdudulot ng immoralidad ng katipang lalaki at katipang babae: "At sinabi ng Panginoon sa akin, Yumaon ka pa, suminta ka sa isang babae na minamahal ng kaniyang kaibigan, at mangangalunya, sa makatuwid baga'y ng gaya ng pagibig ng Panginoon sa mga anak ni Israel, bagaman sila'y nagsisipihit sa ibang mga dios, at nangakakagusto ng mga binilong pasas." (Hosea 3:1) "suminta ka sa isang babae na minamahal ng iyong kaibigan"***, ay ang uri ng immoralidad sa pagitan ng lalaki at babae sa labas ng buhay mag asawa. Ang immoralidad ay nagmumula sa makamundong pakikipagkaibigan sa pagitan ng lalaki at babae, ngunit sa Bibilya ay sinasabi ang tungkol sa pag aasawa. Ang pagkakaibigan ay ginagamit ng diyablo upang ipakilala ang immoralidad. Ito ay nagsisimula sa pagkakaibigan muna ngunit pagkatapos ang diyablo ang magtuturo ng immoralidad sa relasyon. *Ang pinaka mabuting bagay na ating susundin ay yaong walang lalaki ang makikipagkita sa isang babae at magkasama ng sarilinan. Kahit sa mga tinawag na mag aasawa hindi sila dapat magkita at mag isa hanggang sa araw ng kasal.*

***H. Ang mga kaibigan ay magrereklamo at maghihinakit kapag sila'y hinarap ng katotohanan: "1 Sapagka't ang kaharian ng langit ay tulad sa isang tao na puno ng sangbahayan, na lumabas pagkaumagang-umaga, upang umupa ng manggagawa sa kaniyang ubasan.2 At nang makipagkasundo na siya sa mga manggagawa sa isang denario sa bawa't araw, ay isinugo niya sila sa kaniyang ubasan. 3 At siya'y lumabas nang malapit na ang ikatlong oras, at nakita ang mga iba sa pamilihan na nangakatayong walang ginagawa;4 At sinabi niya sa kanila, Magsiparoon din naman kayo sa ubasan, at bibigyan ko kayo ng nasa katuwiran. At nagsiyaon ng kanilang lakad sa ubasan. 5 Lumabas siyang muli nang malapit na ang mga oras na ikaanim at ikasiyam, at gayon din ang ginawa.6 At lumabas siya nang malapit na ang ikalabingisang oras at nakasumpong siya ng mga iba na nangakatayo; at sinabi niya sa kanila, Bakit kayo'y nangakatayo rito sa buong maghapon na walang ginagawa?7 At sinabi nila sa kaniya, Sapagka't sinoma'y walang umupa sa amin. Sinabi niya sa kanila, Magsiparito din naman kayo sa ubasan.8 At nang dumating ang hapon, sinabi ng panginoon ng ubasan sa kaniyang katiwala, Tawagin mo ang mga manggagawa, at bayaran mo sila ng kaupahan sa kanila, na mula sa mga huli hanggang sa mga una.9 At paglapit ng mga inupahan nang malapit na ang ikalabingisang oras ay tumanggap bawa't tao ng isang denario.10 At nang magsilapit ang mga nauna, ang isip nila'y magsisitanggap sila ng higit; at sila'y nagsitanggap din bawa't tao ng isang denario.11 At nang kanilang tanggapin ay nangagbulongbulong laban sa puno ng sangbahayan,12 Na nangagsasabi, Isa lamang oras ang ginugol nitong mga huli, sila'y ipinantay mo sa amin, na aming binata ang hirap sa maghapon at ang init na nakasusunog.13 Datapuwa't siya'y sumagot at sinabi sa isa sa kanila, Kaibigan, hindi kita iniiring: hindi baga nakipagkayari ka sa akin sa isang denario?14 Kunin mo ang ganang iyo, at humayo ka sa iyong lakad; ibig kong bigyan itong huli, nang gaya rin sa iyo. 15 Hindi baga matuwid sa aking gawin ang ibig ko sa aking pag-aari? o masama ang mata mo, sapagka't ako'y mabuti?" (Mateo 20:1-15)*** Sa talinghaga ng mga manggagawa sa ubasan, ang mga kaibigan ay nagbulong bulong laban sa may-ari ng bahay nang hinarap niya sila sa katotohanan. *Kapag inupahan mo ang mga kaibigan para sa ilang trabaho, maari mong isipin sila'y makakatulong ngunit pagkatapos niyon matutuklasan mo na sila'y magrereklamo at hihingi sa iyo ng higit sa anong dapat ibigay sa iba.*

***I. Ang mga kaibigan ay gagamitin sa pagpapakilala ng kawalang katarungan: "At galit na galit nga si Herodes sa mga taga Tiro at taga Sidon: at sila'y nangagkaisang pumaroon sa kaniya, at, nang makaibigan na nila si Blasto na katiwala ng hari, ay kanilang ipinamanhik ang pagkakasundo, sapagka't ang lupain nila'y pinakakain ng lupain ng hari." (Mga Gawa 12:20)*** Si Herodes dito ay muling hinikayat na gumawa ng isa pang kawalang katarungan sa kanyang pamumuno, sa pagbibigay ng hindi katanggap tanggap na tulong sa bayan ng Tiro dahil sila'y nakipagkaibigam sa katiwala ng mga hari, at iyon nagpatagumpay para sa kanilang kalagitnaan. *Maraming tao sila'y nakikipagkaibigan at sila'y umaasa sa mga kaibigan upang makatanggap ng hindi karapatdapat na pabor. Ang ganoong mga bagay ay nagtataguyod ng kawalang katarungan; sa katotohanan ang katiwalaan at kawalang katarungan sa pamahalaan ay ipinakilala sa pamamagitan ng pakikipagkaibigan.*

***J. Maaring mga kaibigan ay ipagkakanulo ka alangalang sa salapi*: "50 At sinabi sa kaniya ni Jesus, Gawin mo ang dahil ng pagparito mo. Nang magkagayon ay nagsilapit sila at kanilang sinunggaban si Jesus, at siya'y kanilang dinakip." (Mateo 26:50)** Si Judas ay nagpunta kay Jesus at hinalikan Siya at iyon ay isang halik ng pagtataksil upang ipakita sa mga Judio kung sino ang kanilang dadakipin. Alam ni Jesus ang tungkol sa ginagawa ni Judas sa likod niya, kaya naman mapang-uyam na tinawag Niyang kaibigan si Judas! ***"46 Magsitindig kayo, hayo na tayo: narito, malapit na ang nagkakanulo sa akin.47 At samantalang nagsasalita pa siya, narito, dumating si Judas, na isa sa labingdalawa, at kasama niya ang lubhang maraming taong may mga tabak at mga panghampas, mula sa mga pangulong saserdote at sa matatanda sa bayan.48 Ang nagkanulo nga sa kaniya ay nagbigay sa kanila ng isang hudyat, na sinasabi, Ang aking hagkan, ay yaon nga: hulihin ninyo siya.49 At pagdaka'y lumapit siya kay Jesus, at nagsabi, Magalak, Rabi; at siya'y hinagkan." (Mateo 26:46-49)*** Bagaman alam ni Jesus kung saan nanggaling si Judas tinanong niya pa rin siya. Nais ni Jesus na sabihin sa kanya na alam Niya na tumanggap siya ng salapi para ibigay siya. *Ang mga taong pinagkakatiwalaan mo bilang mga kaibigan ay maaring kumilos sa isang napaka murang paraan para lamang sa kapakanan ng pagkakaroon ng ilang salapi sa labas ng kanilang ugnayan sa iyo.*

***K. Ang mga kaibigan ay maaaring akitin ka na magkasala sa pagsamba sa dios-diosan: "6 Kung ang inyong kapatid na lalake, na anak ng iyong ina, o ang iyong anak na lalake o babae, o ang asawa ng iyong sinapupunan, o ang iyong kaibigan, na parang iyong sariling kaluluwa, ay humimok sa iyo ng lihim, na magsabi, Tayo'y yumaon at maglingkod sa ibang mga dios, na hindi mo nakilala, ninyo o ng iyong mga magulang; 7 Sa mga dios ng mga bayan na nasa palibot ninyo na malapit sa iyo, o malayo sa iyo, mula sa isang dulo ng lupa hanggang sa kabilang dulo ng lupa;8 Ay huwag mong papayagan siya ni didinggin siya; ni huwag mong kahahabagan siya ng iyong mata, ni patatawarin, ni ikukubli:9 Kundi papatayin mo nga; ang iyong kamay ang mangunguna sa kaniya upang patayin siya, at pagkatapos ay ang kamay ng buong bayan.10 At iyong babatuhin siya ng mga bato upang siya'y mamatay, sapagka't kaniyang pinagsikapang ihiwalay ka sa PANGINOON mong Dios, na naglabas sa iyo sa lupain ng Egipto, sa bahay ng pagkaalipin. 11 At maririnig ng buong Israel, at matatakot, at hindi na gagawa ng anomang kasamaan pa na gaya nito sa gitna mo." (Deutronomio 13:6-11)*** *Maging maingat sa mga kaibigan na hihila sa iyong binti at aakayin ka upang sumamba sa dios-diosan at magkasala laban sa Dios. Gagamitin ni Satanas ang ganoong mga malapit na tao upang ipakilala sa iyong buhay at sa buhay ng simbahan ang pagsamba sa dios-diosan. Samakatuwid maging mapagkilala. Labanan ang diyablo, maging tapat sa Panginoon, at harapin ng maayos ang masamang kaibigan.*

*Ang ilang mga tao sila'y mayroong tinatawag na, "Ang matalik kong kaibigang " at ang ganoong mga tao ay magkakaroon ng maraming impluwensya lalo na kapag sila'y ginamit ng diyablo upang ipakilala ang pagsamba sa diosdiosan.*

***L. Maari kang takutin ng isang kaibigan: "18 Ang taong walang unawa ay nakikikamay, at nagiging mananagot sa harapan ng kaniyang kapuwa." (Kawikaan 17:18)*** Kung hindi mo babantayan ang iyong emosyon, ang pagibig na mayroon ka sa isang tiyak na kaibigan; ang ganoong kaibigan ay maaring gamitin ka at gamitin ang iyong pangalan para magarantiyahan siya. Ilalagay ka niya sa gulo at tatakasan niya iyon. *Maging maingat at huwag magbigay ng garantiya sa mga kaibigan dahil sigurado isang araw guguluhin ka nila,* ***"1 Anak ko, kung ikaw ay naging mananagot sa iyong kapuwa, kung iyong ikinamay ang iyong kamay sa di kilala, 2 Ikaw ay nasilo ng mga salita ng iyong bibig, ikaw ay nahuli ng mga salita ng iyong bibig. 3 Gawin mo ito ngayon, anak ko, at lumigtas ka, yamang ikaw ay nahulog sa kamay ng iyong kapuwa: yumaon ka, magpakababa ka, at mangayupapa ka sa iyong kapuwa.4 Huwag mong bigyan ng tulog ang iyong mga mata. O magpaidlip man sa iyong mga talukap-mata.5 Lumigtas ka na parang usa sa kamay ng mangangaso, at parang ibon sa kamay ng mamimitag." (Kawikaan 6:1-5)***

***M. Ang mga kaibigan ay maaring gumanti ng kasamaan para sa kabutihan: "12 Iginaganti nila sa akin ay kasamaan sa mabuti, sa pagpapaulila ng aking kaluluwa.13 Nguni't tungkol sa akin, nang sila'y may sakit, ang aking suot ay magaspang na kayo: aking pinagdalamhati ang aking kaluluwa ng pagaayuno; at ang aking dalangin ay nagbabalik sa aking sariling sinapupunan. 14 Ako'y nagasal na tila aking kaibigan o aking kapatid: ako'y yumuyukong tumatangis na tila iniiyakan ang kaniyang ina.15 Nguni't pagka ako'y natisod sila'y nangagagalak, at nagpipisan: ang mga uslak ay nagpipisan laban sa akin, at hindi ko nalaman;" (Awit 35:12-15)*** Itinuring ni David ang mga tao bilang kanyang mga kaibigan, siya ay nanalangin at nagaayuno para sa kanila, ngunit ipinagkanulo nila siya at ginantihan siya ng masama sa mabuting ginawa niya sa kanila. ***"Oo, ang aking kasamasamang kaibigan, na aking tiniwalaan, na kumain ng aking tinapay, nagtaas ng kaniyang sakong laban sa akin." (Awit 41:9)*** *Maging maingat na huwag makipagkaibigan sa halip magkaroon ng isang kaugnayan sa mga taong may pakikipagkaibigan sa Dios.*

***N. Maging maingat sa mga kaibigan na hindi natatakot sa Dios***. Tinanggap ni Job ang masamang pagtrato mula sa kanyang hindi tapat na mga kaibigan. May tiyak na panahon na ilalagay ng Dios ang mga tao sa tabi mo at inaasahan Niya mula sa kanila na ibigay nila ang kamay sa iyong kalupaypayan. ***"14 Siyang nanglulupaypay ay dapat pagpakitaang loob ng kaniyang kaibigan; kahit siya na walang takot sa Makapangyarihan sa lahat." (Job 6:14)*** Ngunit sa halip hindi nila ginawa iyon. Ilagay mo iyon sa iyong isipan at ituon ang iyong sarili na lubos magtiwala sa Dios na Siya lamang ang mangangalaga sa iyo sa panahon ng mga kaguluhan. Sinabi ni Job ang tungkol sa kanyang mga kaibigan ang sumusunod: ***"21Sapagka't ngayon, kayo'y nauwi sa wala; kayo'y nangakakakita ng kakilabutan, at nangatatakot.22 Sinabi ko baga: Bigyan mo ako? O, Maghandog ka ng isang kaloob sa akin ng iyong pag-aari? 23 O, Iligtas mo ako sa kamay ng kaaway? O, tubusin mo ako sa kamay ng mga namimighati?24 Turuan mo ako, at ako'y mamamayapa; at ipaunawa mo sa akin kung ano ang aking pinagkasalahan.25 Pagkatindi nga ng mga salita ng katuwiran! Nguni't anong sinasaway ng iyong pakikipagtalo?26 Iniisip ba ninyong sumaway ng mga salita? Dangang ang mga salita ng walang inaasahan ay parang hangin.27 Oo, kayo'y magsasapalaran sa ulila, at ginawa ninyong kalakal ang inyong kaibigan.28 Ngayon nga'y kalugdan mong lingapin ako; sapagka't tunay na hindi ako magbubulaan sa iyong harap.29 Kayo'y magsibalik isinasamo ko sa inyo, huwag magkaroon ng kalikuan; Oo, kayo'y magsibalik uli, ang aking usap ay matuwid. 30 May di ganap ba sa aking dila? Hindi ba makapapansin ang aking pagwawari ng mga suwail na bagay?" (Job 6:21-30)*** Ang mga kaibigan na walang silbi sa oras ng

pangangailangan ang tawag sa kanila ayon kay Job, ***"at ginawa ninyong kalakal ang inyong kaibigan." (Bersekulo 27)*** Nang si Job ay pinahirapan ni Satanas, ang kanyang mga kaibigan na pumunta ay dapat ay aliwin siya, ***"11Nang mabalitaan nga ng tatlong kaibigan ni Job ang lahat na kasamaang ito na sumapit sa kaniya sila'y naparoon bawa't isa na mula sa kanikaniyang sariling pook, si Eliphaz na Temanita, at si Bildad na Suhita, at si Sophar na Naamathita: at sila'y nangagkaiisang loob na magsiparoon upang makidamay sa kaniya at aliwin siya." (Job 2:11)*** Ngunit pinahirapan nila siya at hindi tinulungan siya sa kanyang kahirapan. Kung gayon sinaway ng Panginoon sila sa ganoong masamang asal: ***"7 At nangyari, na pagkatapos na masalita ng Panginoon ang mga salitang ito kay Job, sinabi ng Panginoon kay Eliphaz na Temanita, Ang aking poot ay nagaalab laban sa iyo, at laban sa iyong dalawang kaibigan: sapagka't hindi kayo nangagsalita tungkol sa akin ng bagay na matuwid, na gaya ng ginawa ng aking lingkod na si Job." (Job 42:7)***

***O. <u>Ang mga kaibigan ng masamang tao ay sasang-ayon sa kanya at itutulak siya na gumawa ng masama na sa huli'y magdudulot sa kanya ng kasiraan</u>:*** Ang mga kaibigan ni Aman ay itinulak siya upang lipulin si Mordocheo at sa huli siya ang nilipol sa kung anong iminungkahi nila sa kanya, ***"10 Gayon may nagpigil si Aman sa kaniyang sarili, at umuwi sa bahay; at siya'y nagsugo at tinipon ang kaniyang mga kaibigan at si Zeres na kaniyang asawa." (Ester 5:10) "14 Nang magkagayo'y sinabi ni Zeres na kaniyang asawa at ng lahat niyang kaibigan sa kaniya: Magpagawa ka ng isang bibitayan na may limang pung siko ang taas, at sa kinaumagahan ay salitain mo sa hari na bitayin doon si Mardocheo: kung magkagayo'y yumaon kang masaya na kasama ng hari sa pigingan. At ang bagay ay nakalugod kay Aman; at kaniyang ipinagawa ang bibitayan." (Ester 5:14)*** Binigo ng Dios ang ginagawa si Haman laban sa mga Judio at ang pinarangalan ng Dios ay si Mordocheo. Pagkatapos nang ibinalita iyon ni Haman sa kanyang mga kaibigan, sila'y hindi nila siya pinayuhan na magsisi. ***"13 Gayon ma'y ang lahat ng ito'y walang kabuluhan sa akin habang aking nakikita si Mardocheo na Judio na nakaupo sa pintuang-daan ng hari." (Ester 5:13)*** Sa wakas si Aman ay binitay sa galapong na inihanda niya ayon sa mga mungkahi ng kanyang sariling mga kaibigan, ***"9 Nang magkagayo'y sinabi ni Harbona, na isa sa kamarero na nasa harap ng hari: Narito naman, ang bibitayan na may limang pung siko ang taas, na ginawa ni Aman ukol kay Mardocheo, na siyang nagsalita sa ikabubuti ng hari, ay nakatayo sa bahay ni Aman. At sinabi ng hari, Bitayin siya roon.10 Sa gayo'y binitay nila si Aman sa bibitayan na inihanda niya ukol kay Mardocheo. Nang magkagayo'y napayapa ang kapootan ng hari." (Ester 7:9-10)*** *<u>Kung ikaw ay namumuhay sa masamang paraan at pinapanatili mo ang mga kaibigan na sa tingin mo ay susuportahan nila ang iyong masasamang gawa, kung gayon siguraduhin lamang na darating ang mga araw at gagamitin ito ng Dios upang parusahan ka.</u>*

*<u>Ang mga taong pinapanatili mo bilang kaibigan para sa oras sa panahon ng kabagabagan, sila ang kakain sa laman mo sa panahon ng mga kaguluhan. Ang kanilang mga maling payo sa iyo ang maglalagay sa iyo sa mga kaguluhan at yaon ang magiging iyong kaparusahan.</u>*

***P. <u>Sa mga nagtitiwala sa mga kaibigan at hindi sa Dios sila'y mamatay</u>:*** *<u>Ang Dios ay magdudulot ng kapahamakan sa mga nagpaparangal sa mga kaibigan at sa kanilang mga salita nang higit pa sa Dios at sa Kanyang Salita.</u>* Ang propetang si Jeremias ay nagpropesiya kay Haring Zedekiah tungkol doon nang natagpuan niya siya na nagtitiwala at umaasa sa mga kaibigan para makalaya mula sa paghatol ng Dios. Sinabi niya sa kanya, ***"22 Narito, lahat ng babae na naiwan sa bahay ng hari sa Juda ay malalabas sa mga prinsipe ng hari sa Babilonia, at ang mga babaing yaon ay mangagsasabi, Hinikayat ka ng iyong mga kasamasamang mga kaibigan, at nanaig sa iyo: ngayon ang iyong paa nga ay nalubog sa burak, at sila'y nagsitalikod." (Jeremiah 38:22)*** *<u>Sa mga nagtitiwala sa kanilang mga kaibigan nang higit sa Salita ng Dios, gagamitin ng Panginoon ang kanilang kaibigan upang harapin sila nang may kataksilan.</u>* Ang sumusunod ay isinulat ni Jeremiah tungkol doon: ***"2 Siya'y umiiyak na lubha sa gabi, at ang mga luha niya ay dumadaloy sa kaniyang mga pisngi; sa lahat ng mangingibig sa kaniya ay walang umaliw sa kaniya: <u>ginawan siya ng kataksilan ng lahat ng kaniyang mga kaibigan; sila'y naging kaniyang mga kaaway</u>." (Panaghoy 1:2)*** HInulaan din ni Jeremias ang paglipol kay Pashur ang pari at ang kanyang mga kaibigan na nakapaligid sa kanya na umaalalay at umaayon sa kanyang kasamaan. ***"1 Napakinggan ni Pashur, na anak ni Immer, na saserdote, na siyang pangulong pinuno sa bahay ng Panginoon, si Jeremias na nanghuhula ng mga bagay na ito.2 Nang magkagayo'y sinaktan ni Pashur si Jeremias na propeta, at inilagay siya sa pangawan na nasa lalong mataas na pintuang-bayan ng Benjamin, na nasa bahay ng Panginoon.3 At nangyari, nang kinabukasan, na inilabas ni Pashur si Jeremias mula sa pangawan. Nang magkagayo'y sinabi ni Jeremias sa kaniya, Hindi tinawag ng Panginoon ang iyong pangalan na Pashur, kundi Magormissabib.4 Sapagka't ganito ang sabi ng Panginoon, Narito, gagawin kitang kakilabutan sa iyong sarili, at sa lahat mong mga kaibigan; at sila'y mangabubuwal sa pamamagitan ng tabak ng kanilang mga kaaway, at mamamasdan ng iyong mga mata: at ibibigay ko ang buong Juda sa kamay ng hari sa Babilonia, at kaniyang dadalhin sila na bihag sa Babilonia, at papatayin sila ng tabak.5 Bukod dito ay ibibigay ko ang lahat na kayamanan ng bayang ito, at ang lahat na pakinabang nito, at ang lahat na mahalagang bagay nito, oo, ang lahat na kayamanan ng mga hari sa Juda ay ibibigay ko sa kamay ng kanilang mga kaaway; na magsisisamsam sa kanila, at magsisihuli sa kanila, at mangagdadala sa kanila sa Babilonia.6 At ikaw Pashur, at ang lahat na tumatahan sa iyong bahay ay magsisipasok sa pagkabihag; at paroroon ka sa Babilonia, at doon ka mamamatay, at doon ka malilibing, ikaw, at ang lahat mong mga kaibigan, na iyong pinanghulaan na may kasinungalingan." (Jeremiah 20:1-6)***

***Q. <u>Ang mga kaibigan ng masasamang tao ay sa huli'y papatayin para sa kanilang kasalanan sa pagsuporta sa masasamang tao</u>:*** Ang mga kaibigan na sumuporta sa pakikipagsabwatan kay Aman sa huli'y pinatay ng bayan ng Dios. Isa pang halimbawa niyon, nang si Zimri ay ginamit ng Dios sa paghatol sa sangbahayan ni Haring Baasha, pinatay din si Zimri ng lahat ng kanyang mga kaibigan. ***"8 Nang ikadalawang pu't anim na taon ni Asa na hari sa Juda ay nagpasimula si Ela na anak ni Baasa na maghari sa Israel sa Thirsa, at nagharing dalawang taon. 9 At ang kaniyang lingkod na si Zimri, na punong kawal sa kalahati ng kaniyang mga karo, ay nagbanta laban sa kaniya. Siya'y nasa Thirsa nga, na nagiinom at lasing sa bahay ni Arsa, na siyang katiwala sa sangbahayan sa Thirsa: 10 At pumasok si Zimri, at sinaktan siya, at pinatay siya, nang ikadalawang pu't pitong taon ni Asa na hari sa Juda, at naghari na kahalili niya.11 At nangyari, nang siya'y magpasimulang maghari, pagupo niya sa kaniyang luklukan, ay kaniyang sinaktan ang buong sangbahayan ni Baasa: hindi siya nagiwan ng isa man lamang lalaking bata, kahit kamaganak niya, kahit mga***

***kaibigan niya.12 Ganito nilipol ni Zimri ang buong sangbahayan ni Baasa, ayon sa salita ng Panginoon, na kaniyang sinalita laban kay Baasa, sa pamamagitan ni Jehu na propeta,13 Dahil sa lahat ng mga kasalanan ni Baasa, at mga kasalanan ni Ela na kaniyang anak, na kanilang ipinagkasala, at kanilang ipinapagkasala sa Israel, upang mungkahiin sa galit ang Panginoon, ang Dios ng Israel sa pamamagitan ng kanilang mga kalayawan." (1 Hari 16:8-13)*** *Huwag suportahan ang mga masasamang gawain o gumagawa ng masama dahil siguradong darating ang araw at ikaw ay mapaparusahan para doon.*

***Sa aking mahal at minamahal: "5 Huwag kayong magsitiwala sa kaibigan; huwag kayong magkatiwala sa kaibigan; ingatan mo ang mga pinto ng inyong bibig sa kaniya na humihiga sa inyong sinapupunan.6 Sapagka't sinisiraang puri ng anak na lalake ang ama, ang anak na babae ay tumitindig laban sa kaniyang ina, ang manugang na babae ay laban sa kaniyang biyanang babae; ang mga kaaway ng tao ay ang kaniyang sariling kasangbahay.7 Nguni't sa ganang akin, ako'y titingin sa Panginoon; ako'y maghihintay sa Dios ng aking kaligtasan: didinggin ako ng aking Dios." (Mikas 7:5-7)*** *Huwag kang mag alala kung wala kang kaibigan sapagka't si Jesus ay kasama mo sa alinmang lugar at lulutasin ang iyong suliranin. Maaring ipadala Niya sa iyo ang tiyak na mga tao na tutupad sa iyong kailangam, o Siya Mismo ang pupunta at tatapusin ang bagay sa iyo at hindi mo na kailangang kumilos.*

Tinatawag ka ng Dios ngayon upang magkaroon at panatilihin ang iyong pakikipagkaibigan sa Kanya, at ito'y magaganap sa iyo ayon sa iyong paniniwala.

Upang tuparin ang ating tungkulin sa Dios, kailangan nating panatilihin ang ating pakikipagkaibigan sa Dios at lumayo mula sa ibang mga pagkakaibigan na mayroon tayo sa sanglibutan. ***"4 Kayong mga mangangalunya, hindi baga ninyo nalalaman na ang pakikipagkaibigan sa sanglibutan ay pakikipagaway sa Dios? Sinoman ngang mag ibig na maging kaibigan ng sanglibutan ay nagiging kaaway ng Dios.5 O iniisip baga ninyo na ang kasulatan ay nagsasalita ng walang kabuluhan? Ang Espiritu baga na pinatira sa atin ay nagnanais hanggang sa kapanaghilian?" (Santiago 4:4-5)*** Ang ating Dios ay mapanibughong Dios at ayaw Niya na mas gustuhin natin ang mga tao at pakikipag ugnayan sa kanila nang higit sa ating pakikipag ugnayan sa Kanya. Bukod pa doon, ang ating pakikipagkaibigan sa sanglibutan at sa mga tao ay ay malamang na maglantad sa atin sa mga panganib at maaring tayong mapahamak. Kung gayon ang Salita ng Dios ay masigasig na nagtuturo sa atin na panatilihin ang ating pakikipagkaibigan sa Kanya lamang. Kung gayon, tayo ay mangako sa alintuntunin ng mensahe na narinig natin ngayon at ipatupad natin ang natutunan natin sa ating buhay bilang ipinapangako natin ang ating sarili sa pananalangin.

***Tayo ay manalangin***: *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus, na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay na maguli mula sa mga patay upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan.*

*Tayo ay magsisi at talikuran natin ang ating mga kasalanan. Ihayag ngayon ang iyong mga kasalanan sa Panginoon. Panginoon ako'y nagsisisi sa mga sumusunod na mga kasalanan* ________________________

*Talikdan ang kasalanan ng pagiging palakaibigan sa sanglibutan at pagtitiwala sa tulong ng mga tao. Talikdan ang kasalanan ng pagsuporta sa masamang gawain. Talikdan ang pagbibigay ng tulong sa mga tao na hindi karapatdapat doon. Panginoon aking nauunawaan ng mabuti ang iyong Salita. Ako'y nagsisisi sa pagiging palakaibigan sa sanglibutan at pagtitiwala sa tulong ng mga tao.*

*Panginoon ako'y nanunumbalik sa iyo, Nais kong ikaw lamang ang tangi kong kaibigan. Linisin mo ako at itaas mo ako ayon sa iyong Salita at sa iyong kalooban. Panginoon protektahan mo ako at ibigay ang pabor na kailangan ko sa aking buhay upang malampasan ang ilan sa aking mga kaguluhan. Panginoon aking ipinagkakatiwala sa iyo ang suliraning ito* _________________________ *na kailangan kong manguna ka sa akin at lutasin ito.*

*Panginoon salamat sa iyong Salita sa amin sa mensaheng ito. Panginoon ako'y nananalangin para sa aking mga kapatirang Lalaki at Babae na ipinangako ang kanilang sarili upang mabuhay at gawin ang iyong Salita. Panginoon bigyan mo pa sila ng higit pananampalataya at pagtitiwala sa iyo. Panginoon ibigay ang lahat ng kanilang pangangailangan. Panginoon bigyan mo sila nang higit na bunga ng Banal na Espiritu upang maging kagaya ng iyong katangian at asal at yaon ay makita ka ng mga tao sa pamamagitan ng kanilang buhay.*

*Panginoon kami'y nananalangin para sa amin bilang isang simbahan, puspusin kami Panginoon ng Banal na Espiritu at ibigay sa amin ang espirituwal na mga kaloob na kailangan namin sa aming buhay upang yumaon at mag evangelio at gumawa ng bagong mga alagad. Panginoon kami'y nananalangin na bigyang daan kami upang magtanim ng maraming bagong pagaaral ng Bibliya at maraming kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ng iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com

Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansiyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com.